

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

### APENDIKS G: Protokol para sa mga Parada ng Sasakyan

#### **Kamakailang mga Pagbabago:**

09/4/20: Ang mga parada ng sasakyan ay maaari rin gamitin para sa mga hindi kawanggawang kaganapan (non-charity events). Ang nakabalot na kendi at hindi nasisira na paunang nakabalot na mga pagkain ay maaaring ipamigay bilang bahagi ng treat bags.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay nagpapatibay ng isang yugto-yugtong pagtugon, na suportado ng siyensya at pagkadalubhasa sa pampublikong kalusugan, para payagan ang mga tao na magsimula sa paggamit muli ng mga pampublikong lugar sa mga parada na maglilimita sa panganib ng pagkakalantad sa COVID-19. Upang ipagdiwang o bigyang pagkilala ang mga indibidwal, mga tagumpay, o lumahok sa mga kaganapan, ang County ay nagpapahintulot na ngayon sa mga Parada ng Sasakyan o magmaneho sa mga kaganapan. Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, mahalaga na ang Punong-Abala (Host) ng Parada ng Sasakyan o Drive Thru na Kaganapan at ang lahat ng mga kalahok ay obserbahan at sumunod sa mga kinakailangan ng Pampublikong Kalusugan, upang mapanatiling mababa ang panganib ng pagkakalantad sa COVID-19.

#### **Ang mga Parada ng Sasakyan o mga Drive Thru na Kaganapan ay Dapat Sumunod sa mga Sumusunod na mga Protokol:**

1. Ang Parada ng Sasakyan o Drive Thru na Kaganapan ay dapat magkaroon ng isang itinalagang Punong-Abala na responsable para sa pagtitiyak sa pagsunod sa Protokol na ito sa panahon ng kaganapan.
  - a. Ang isang Parada ng Sasakyan ay isang kaganapan kung saan, sa kabuuan ng kaganapan, ang bawat kalahok, hindi kasama ang Punong-Abala, Tauhan, at seguridad, maliban kung malinaw na ibinibigay dito, ay nananatili sa isang ganap na saradong de-motor na sasakyan na nakasuot ang sinturong pangkaligtasan (seat belt) at kung saan ang lahat ang mga pasahero sa bawat saradong sasakyan ay mga miyembro ng iisang sambahayan. Para sa kalinawan, hindi kasama sa isang saradong sasakyan ang isang motorsiklo, isang convertible na nakababa ang buong, isang sasakyan na walang mga pintuan, o isang bisikleta.
  - b. Ang Parada ng Sasakyan ay dapat magkaroon ng isang itinalagang organisasyonal na Punong-Abala na responsable para sa pagtitiyak sa pagsunod sa Utos na ito sa panahon ng kaganapan ("Punong-Abala"). Tanging ang mga tauhan lamang ng organisasyon na kinakailangan upang mapadali ang parada / drive thru na kaganapan at upang matiyak ang pagsunod sa Utos na ito ay maaaring naroroon ("Mga Tauhan").
  - c. Dapat tiyakin ng Punong-Abala na ang mga kalahok, mga Tauhan at mga serbisyo ng seguridad ay sumusunod sa mga Pangangailangan ng Pantakip ng Mukha at Panlipunang (pisikal) Pagdistansya.
  - d. Ang Punong-Abala ay responsable para sa pagpapalano ng kaganapan ng Parada ng Sasakyan sa isang pamamaraan na sumusunod sa lahat ng mga ordinansa, mga kinakailangan sa permit,

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

### APENDIKS G: Protokol para sa mga Parada ng Sasakyan

mga kinakailangan sa pagkontrol sa trapiko, at mga batas ng lungsod o iba pang lokalidad kung saan gaganapin ang kaganapan.

- Para sa mga pagtitipon ng higit sa 20 na mga sasakyan, ang Punong-Abala ay dapat, sa sarili nitong gastos, magsaayos at magbigay ng sapat na seguridad upang matiyak ang pagsunod sa Utos at matugunan ang anumang mga isyu sa trapiko at kaligtasan. Ang dami ng seguridad na kinakailangan ay dapat matukoy ng entidad na nagbibigay ng seguridad ngunit dapat ay hindi hindi higit sa itinuring na kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan at matiyak ang pagsunod sa Utos. Ang Punong-Abala ay maaaring magsaayos para sa isang lokal na ahensiya ng nagpapatupad ng batas na may pangunahing hurisdiksyon sa lokasyon ng kaganapan (ang "Ahensiya") na nagbibigay ng seguridad at magbabayad ng kaugnay na mga gastos na pinagtibay ng Ahensiya.
- Ang Punong-Abala ay dapat gumawa ng isang plano sa parada ng drive thru na kaganapan na nagsasama ng lahat ng mga elemento na nakasulat sa seksyon ng Plano ng Kaganapan sa ibaba. Ang Punong-Abala ay dapat na makipag-ugnayan sa lungsod at sa lokal na ahensiya ng nagpapatupad ng batas bago gumawa ng isang plano ng kaganapan.
- Tanging ang mga tauhan lamang ng organisasyon na kinakailangan upang tulungan ang Punong-Abala ng Parada ng Sasakyan ang maaaring naroon sa lalagyan ng kanilang mga sasakyan, maliban kung malinaw na nakalagay sa ibaba. Lahat ng mga tauhan na tumutulong sa Punong-Abala, at ang Punong-Abala, ay dapat na gumamit ng telang pantakip sa mukha kapag nakikisalamuha sa ibang mga tao.
- Ang mga kalahok na sasakyan ay hindi maaaring lumampas sa kanilang nakatalagang pinakamaraming pasahero.
- Ang Parada ng Sasakyan ay dapat magpatuloy sa pamamagitan ng imbitasyon lamang, na ang limitasyon ng dami ng lumalabok na sasakyan ay nauugnay sa laki ng kapasidad ng lokasyon, tulad ng inaprubahan ng lokal na hurisdiksyon o lokal na ahensiya ng nagpapatupad ng batas.
- Ang Parada ng Sasakyan ay dapat isagawa sa isang panlabas na lokasyon na may sapat na laki upang magkasya ang bilang ng mga sasakyan na imbitado sa line-up bilang bahagi ng kaganapan. Ang agwat sa pagitan ng mga sasakyan ay dapat na sapat upang magpahintulot ng emerhensiyang pagpasok at paglabas.
- Kung ang lokasyon ng kaganapan ay hindi pag-aari ng Punong-Abala, ang Punong-Abala ay dapat magbigay sa may-ari ng isang kopya ng Plano ng Kaganapan at kumuha ng sinulat na pahintulot o kasunduan para gamitin ang lokasyon na partikular na kumikilala sa pagtanggap ng Plano ng Kaganapan.
- Ang mga pasahero ng isang sasakyan ay dapat na mga miyembro ng parehong sambahayan o yunit ng tirahan. Ang mga kalahok ay hindi maaaring magpalit ng mga sasakyan sa panahon ng parada.
- Kung alinman sa mga bintana ng isang sasakyan ang bukas, ang mga pasahero ay dapat na magsuot ng pantakip ng mukha kapag nilapitan ng mga organisador ng kaganapan, tauhan, seguridad, or Punong-Abala.
- Ang Punong-Abala ay maaaring magbigay ng isang dokumento o bagay sa isang sasakyang kalahok sa parada nang paisa-isa, o magdala ng mga pangkawanggawang donasyon, ngunit dapat gawin ito habang sumusunod sa mga kinakailangan ng pantakip ng mukha. Isang tao sa bawat sasakyan ay

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

### APENDIKS G: Protokol para sa mga Parada ng Sasakyan

maaaring, kung pinahintulutan ng Punong-Abala at sumusunod sa mga kinakailangan ng pantakip ng mukha, umalis sa sasakyan upang tumanggap o kumuha ng mga bagay, o mga donasyon, isang sasakyan sa bawat pagkakataon.

12. Ang mga pasahero ng isang kalahok na sasakyan ay hindi maaaring lumabas sa sasakyan maliban kung may emerhensiya, para gumamit sa palikuran o kung pinahintulutan ng Punong-Abala para sa maikling mga yugto (para maghatid o kumuha ng mga bagay, o para tumanggap ng isang dulong) ng isang sasakyan sa bawat pagkakataon. Habang nasa labas ng sasakyan, ang mga kalahok ay dapat magsuot ng telang pantakip sa mukha at manatiling malayo mula sa Punong-Abala at sa mga tauhan ng Punong-Abala hangga't maaari.
13. Kung ang Punong-Abala ng kaganapan ay nagbigay ng mga pasilidad ng palikuran sa panahon ng kaganapan, ang mga ito ay dapat na disimpektahin nang madalas ng Punong-Abala o ng mga Tauhan. Dapat nakatakda ang mga pangmarka upang ipahiwatig ang naaangkop na pisikal na distansya para sa anumang pila na mabubuo para sa palikuran. Hindi hihigit sa 5 tao ang maaaring payagan na pumila.
14. Anumang mga basura na kaugnay sa mga bagay o pagkain o inumin na dinala ng mga pasahero ng isang sasakyan ay dapat na manatili sa loob ng sasakyan. Walang pagbebenta ng anumang bagay o pagkain ang pahihintulutan sa parada. Ang nakabalot na kendi at hindi nasisira na paunang nakabalot na mga pagkain ay maaaring ipamahagi bilang bahagi ng treat bags.

#### PLANO NG KAGANAPAN:

1. Ang Plano ng Kaganapan ay dapat buuin ng Punong-Abala bago mag-imbata ng mga tao para lumahok sa Parada ng Sasakyan na kaganapan.
2. Ang Plano ng Kaganapan ay dapat ding ibigay nang maaga sa bawat inimitahan at sa lokal na hurisdiksyon kung ang natural na hurisdiksyon ay may proseso sa pagpapahintulot.
3. Ang Plano ng Kaganapan ay dapat ding ipaskil nang malinaw na nakikita sa lokasyon ng pagtitipon at dapat isama ang sumusunod, kung naaangkop:
  - a. Kontak na impormasyon ng Punong-Abala, kasama ang numero ng cell phone at e-mail address
  - b. Ang kabuuang bilang ng mga Tauhan na kinakailangan para mapadali ang kaganapan.
  - c. Ang tinatanyang bilang ng mga sasakyang lalahok at ang tinatanyang haba ng panahon ng kaganapan, tulad ng inaprubahan ng lokal na hurisdiksyon.
  - d. Kung paano ang mga sasakyan ay lilinya para pumasok sa itinalagang lokasyon ng Punong-Abala.
  - e. Kung paano ang pagsasaayos ng mga sasakyan na magpapahintulot para sa sapat na puwang upang magpahintulot ng pagpasok at paglabas ng mga sasakyan sa emerhensiya.
  - f. Kung paano susubaybayan ng Punong-Abala, mga Tauhan, at seguridad ang kaganapan upang ang mga pasahero lamang ng isang sasakyan ang papayagang lumabas sa kanilang sasakyan sa bawat pagkakataon sa panahon ng kaganapan (maliban kung para sa paggamit ng pasilidad ng palikuran at emerhensiya).
  - g. Kung naaangkop, kung paano susubaybayan ng Punong-Abala o mga Tauhan ang linya sa mga palikuran upang matiyak ang mga Kinakailangan sa Panlipunang Pagdistansya ay nasusunod at hindi hihigit sa 5 katao ang naghihintay sa pila.

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

### APENDIKS G: Protokol para sa mga Parada ng Sasakyan

- h. Kung naaangkop, kung paano matitiyak ng Punong-Abala o mga Tauhan na ang mga palikuran ay nadidisimpektahan sa pagitan ng mga paggamit.
- i. Ang pangalan ng kumpanya ng seguridad (o kung ang Punong-Abala ay mayroon nang seguridad, maaari nitong gamitin ang umiiral nitong mga opisyal ng seguridad at tukuyin ang mga empleyadong ito) o Ahensiya, kung ilang mga opisyal ng seguridad ang gagamitin, at kung paano matitiyak ng seguridad ang pagsunod sa Utos na ito.

#### Alamin kung saan makakakuha ng maaasahang impormasyon

Mag-ingat sa mga panloloko, maling mga balita at mga pandaraya na nakapaligid sa novel coronavirus. Ang tamang impormasyon, kasama ang mga anunsyo ng mga bagong kaso sa LA County, ay palaging ibabahagi ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng mga press release, social media, at aming website. Ang website ay may higit pang impormasyon sa COVID-19 kabilang ang mga Madalas na Katanungan, mga infographics at isang gabay para mapagtagumpayan ang stress, pati na rin ang mga payo sa paghuhugas ng kamay.

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (LACDPH, County)
  - <http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/>
  - Social media: @lapublichealth

Ang iba pang mga maaasahang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa novel coronavirus ay:

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH, Estado)
  - <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/nCOV2019.aspx>
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC, Pambansa)
  - <http://www.cdc.gov/coronavirus/novel-coronavirus-2019.html>

Kung mayroon kang mga katanungan at gusto mong malinawan, tumawag sa linya ng Impormasyon ng County ng Los Angeles sa 2-1-1 na matatawagan 24 oras araw-araw.